PINASIMULANG SPECIFIED RESIDENCE CARD!
Ang pinag-isang Residence Card at My Number Card!



Nilikha mula sa impormasyon base sa HP ng Immigration Services Agency

Inilunsad ang Specified Residence Card noong Hunyo 14, 2026 (Linggo) at sinimulan ang aplikasyon noong Hunyo 15, 2026 (Lunes).

ANO BA ANG SPECIFIED RESIDENCE CARD ?

Ang Specified Residence Card ay binago upang magamit rin bilang My Number Card. Ibig sabihin, ginawa itong isang card na magagamit bilang Residence card at MyNumber card.



HARAP



LIKOD

Mga larawang kinuha mula sa Immigration Services Agency website.

PAANO MAKAKAPAG-APLAY NG SPECIFIED RESIDENCE CARD ?

Hindi maaaring mag-aplay ng Specified Residence Card lamang. Nararapat na mag aplay nito na kasabay ang iba pang proseso sa imigrasyon. Ang **lugar at panahon** ng aplikasyon ay maiiba ayon sa uri ng aplikasyon.

Saan mag-aaplay:

SA IMIGRASYON NA SUMASAKOP SA IYONG LUGAR NA TINITIRAHAN*
Aplikasyon para sa extension ng pananatili
Aplikasyon para sa renewal ng Residence Card
Aplikasyon para sa Permanent Residence
Aplikasyon sa pag-renew ng validity ng Residence Card
Pagbabago ng Notipikasyon na nakasulat sa likod nito (bukod sa address)
Pag re-issue ng Residence card dahilan ng damage atbp.
Kung nais palitan ang Residence card

RELEVANT DEPARTMENT AT MUNICIPAL OFFICE PARA SA INYONG LUGAR NG TIRAHAN
Abiso ng inyong lugar ng tirahan pagkatapos pumasok sa Japan
Abiso nang pagpapalit ng tirahan
Abiso sa lugar ng tirahan matapos magpalit ng residence status, atbp.

**Pansamantala, hindi kayo puedeng mag-aplay ng Specified Residence Card sa pamamagitan ng online residence application system. Kung nais ninyong mag-aplay nang Specified Residence Card matapos kumpletohin ang alin man sa mga prosesong nakalista sa gawing kaliwa, kailangan ninyong pumunta sa Regional Immigration Bureau ng personal.*

Kailan Mag-aaplay

Sa parehong oras na inyong makumpleto ang alin man sa prosesong nakasulat sa itaas

Kung wala kayong parating na prosesong may kinalaman sa imigrasyon na kailangan ninyong tapusin, pero nais pa rin ninyong mag-aplay ng Specified Residence Card, puede ninyong isumite ang “Kung nais palitan ang Residence card.”

BAYAD

Mayroong dalawang uri ng bayad: isa ay kaugnay sa residence card (bayad sa Immigration Services Agency (ISA)) at ang isa pa ay kaugnay sa My Number Card (bayad sa Japan Agency for Local Authority Information Systems (J-LIS)).

MGA BAYAD ISA	**1,900 yen** (Kung gamit ang inyong direct-shipping service: 2,600 yen)
MGA BAYAD SA J-LIS	**600 yen** (Kung tumanggap ng Digital Certificate: 800 yen)

Ang halaga ng bayad na singil ay mag-iiba depende sa indibiduwal. Mangyaring tingnan ang Immigration Services Agency website para sa mas maraming detalye.

MGA DAPAT TANDAAN

Hindi kayo kaiangang mag-aplay para sa Specified Residence Card.

Gaya ng My Number Card, ang pag-aplay para sa Specified Residence Card ay hindi sapilitan. Maaari ninyong patuloy na gamitin pareho ang normal residence card bukod sa My Number Card.

Ang pag-aaplay para sa Specified Residence Card ay hindi garantiya na ikaw ay mabibigyan.

Kahit na kayo ay mag-aplay para sa Specified Residence Card, depende sa inyong kalagayan, sa halip kayo ay mabibigyan ng normal residence card.

Maaaring abutin ng mga dalawang linggo mula sa oras ng aplikasyon para matanggap ang Specified Residence Card.

Kahit mayroon na kayong Specified Residence Card, ang tungkulin ng My Number card ay may bisa lamang hanggang sa pag-tapos ng inyong orihinal na panahon ng pagtigil.

Siguraduhin na ma-extend ang bisa ng inyong My Number Card sa opisina ng inyong Munisipalidad bago mapaso ang inyong orihinal na bisa. Marami kayong matututuhan mula sa link na nasa ibaba sa iba't-ibang lenguahe.

FAQ: Paano mai-extend ang validity period ng My Number Card?

https://www.hiecc.or.jp/soudan/info/detail.html?pid=1412358337535&cate=1

Ang impormasyon na nakalimbag sa bagong Residence Card ay mababago.

Ang mga sumusunod na impormasyon ay hindi na ipakikita sa bagong Residence Card; sa halip, ito ay maa-access lamang sa pamamagitan ng IC chip.

・Tagal ng pagtigil (halimbawa 1 taon, 3 taon) ・Uri ng Permiso ・Petsa ng Permiso ・Petsa ng Pagbigay

Maaring tingnan ang nilalaman ng IC chip gamit ang "Residence Card Reader Application." Tingnan ang Immigration Services Agency Homepage para sa mga detalye.

https://www.moj.go.jp/isa/applications/procedures/rcc-support.html

Para sa mas maraming detalye, gaya nang kung paano magbayad ng mga bayarin, mga application forms at kailangang mga dokumento, FAQs, atbp., mangyaring tingnan ang official Immigration Services Agency website.

https://www.moj.go.jp/isa/tokutei.html

Tungkol sa Specified Special Permanent Resident Certificate

IKung kayo ay isang Special Permanent Resident, maaari kayong mag-aplay nang katulad sa Specified Special Permanent Resident Certificate na pagsamahin ang tungkulin ng My Number card. Tingnan ang Immigration Services Agency website para sa mas maraing detalye.

https://www.moj.go.jp/isa/tokutei_spc.html